



11 Barbero



Ang karaniwang trabaho ng barbero ay ayusin ang buhok ng kostumer subalit sa kasalukuyang hindi lang paggugupit at pag-aayos ng buhok, nagkukulay at nagkukulot na rin sila at nagbibigay ng payo tungkol sa pag-aayos ng buhok kaya, kinakailangan sa trabahong ito ang lubos na kaalaman at galing pagdating sa kabuuang ayos ng buhok ng kostumer. Nagagawa nila ang hindi kayang gawin ng mga hair stylist, ang mag-ahit. Sa pamamagitan ng sariling salita, mas mabibigyan ng magandang serbisyo ang mga kostumer na dayuhan. Maaring din magtayo ng sariling barber shop depende sa kapasidad. At angkop ito sa mga taong gustong maging magaling sa pag-aayos ng buhok.

Para maging isang barbero



※Para maging kwalipikado at makapasok sa training school, karaniwan na dapat nakapagtapos ng senior high school. (May ibang training school na tumatanggap kahit sa junior high school lang naka-graduate)

<Maagang preparasyon>

Para makapasok sa training school ng pagiging barbero, kinakailangan na makapagtapos ng senior highschool. Kaya pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

Bukod sa kamay ang puhunan sa ganitong trabaho, kailangan din ang malawak na kaalaman at sensibilidad.

<kung makakuha ng kwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Bukod sa puwedeng magtrabaho sa mga barber shop, maari ding magtayo ng sariling barber shop. Ang average na suweldo ng barber ay 2,800,000 yen kada taon. Maari pang lumaki ang suweldo depende sa taglay na galing sa paggupit.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Aabutin ng mahigit 2,000,000 yen (2 taon), ang bayad sa mga training schools.

